

LINDOLI!

Huwag Magpauna sa Takot...

**Alamin ang dapat gawin
BAGO, HABANG nagaganap
at MATAPOS ang lindol...**

Para sa karagdagang kaalaman, makipag-ugnayan sa...

Department of Science and Technology
PHILIPPINE INSTITUTE OF VOLCANOLOGY AND SEISMOLOGY
C.P. Garcia Avenue, U.P. Campus, Diliman, Quezon City
Tel. Nos. 426-1468 to 79 Website: www.phivolcs.dost.gov.ph

June 2005



BAGO ANG LINDOL

Ang susi sa mabisang pagpapalano laban sa kalamidad ay ang kahandaan.

Alamin kung ang inyong lugar ay nasa dinadaan o malapit sa kinaroroonan ng isang "active fault" o kung ito ay lugar na may malambot na lupa na maaring mag-"liquefy" kung magkaroon ng lindol.

Siguraduhin ang matibay na pagkakagawa sa mga bahay o gusali at ang pagkakagawa ay dapat na umaayon sa tama at iminumungkahing "safe engineering practice" ng mga dalubhasa.

Alamin kung ang kinaroroonan ng gusali at iba pang mahahalagang imprastruktura ay matitibay, pagtibayin pa kung kinakailangan.



Ihanda ang inyong tahanan at lugar na pinagtatrabahuhan sa pagkakaroon ng lindol.

Itali ang mga mabibigat na kagamitan o kasangkapan sa dingding upang maiwasan ang pagkahulog.

Ang mga babasagin, mga nakakalasang kemikal at mga bagay na madaling magliyab ay dapat na nakalagay o nakatago sa pinakailalim na bahagi ng mga istante at dapat na ito'y hindi madaling magalaw o matapon.

Ugaliin ang pagsasara ng mga tangke ng gas pagkatapos gamitin.

Sanayin ang sarili sa iba't-ibang lugar sa inyong tahanan at opisina.

Alamin ang mga matitibay na bahagi ng inyong gusali katulad ng hamba ng pintuan, mga lugar na malapit sa "elevator shafts", matitibay na lamesa kung saan maaaring manatili habang lumilindol.

Matutong gumamit ng pamatay sunog (fire extinguisher), mga gamit pang-unang lunas (first aid kit), alarmang pang ligtas (alarms) at labasang pang emergency (emergency exit). Ang lahat ng ito ay dapat na nasa mga lugar na madaling puntahan at malapitan at may palatandaan o markang madaling makita.



Karaniwang sanhi ng pagkapinsala kapag may lindol ay dahil sa mga naglalaglagang bagay.

Ang mga mabibigat na kagamitan ay dapat nakalagay sa ilalim na bahagi ng mga istante.

Tiyakin ang matibay na pagkatali ng mga nakabiting bagay na maaaring makalag at bumagsak kapag nagkaroon ng lindol.

Maghanda at pamalagiin ang isang "earthquake survival kit" na naglalaman ng de bateryang transistor, flashlight, first aid kit, tubig na mainom, kendi mga de lata at iba pang "ready-to-eat" na pagkain, pito at gas mask.

HABANG NAGAGANAP ANG LINDOL



Kung nasa loob ng isang matibay na gusali, manatili sa loob.

Tumayo sa ilalim ng hamba ng pintuan o magtago sa ilalim ng matibay na mesa upang maprotektahan ang sarili sa mga naglalaglagan at naghahampasang bagay.

Kung nasa labas, pumunta sa isang ligtas at bukas na lugar.

Lumayo sa mga poste ng kuryente, pader at iba pang istraktura na maaaring bumagsak o matumba.




Huwag manatili sa mga gusaling may mga salaming mababasag.



Kung nagmamaneho, itabi at ihinto ang sasakyan.

Huwag magtangkang tumawid sa tulay o sa overpass dahil maaaring napinsala na ito ng lindol.



Kung nasa gilid ng bundok o dalisdis, lumayo muna sa mga lugar na maaaring maapektuhan ng pagguho ng lupa.

Kung nasa tabing dagat at nagkaroon ng malakas na paglindol dahilan upang mahirapang makatayo, mas makabubuting isipin at ipalagay na magkakaroon ng “tsunami”. Tumakbo ng mabilis patungo sa lugar na palayo sa tabing dagat.



MATAPOS ANG LINDOL



Kung inabutan ng lindol sa isang lumang gusali, maglakad ng mabilis at hanapin ang pinaka-ligtas na daan.

Lumabas ng matiwasay at maayos nang hindi nag-uunahan.

Gumamit nang hagdan sa pagbaba. Huwag gumamit ng elebetor.

Suriin ang sarili at ang iba sa mga pinsala.

Maliban kung nangangailangan ng kagyat na tulong:

Huwag gamitin ang linya ng inyong telepono upang tumawag sa mga kamag-anak at kaibigan. Ang mga linya ng telepono ay kailangan ng mga maykapangyarihan para sa madaliang pagkalap at pagsa-salin ng mga impormasyon tungkol sa kalamidad na naganap.

Huwag gamitin ang inyong sasakyan upang magmaneho at mag-masid sa mga napinsalang lugar. Kailangan ang maluwag na kalsada para sa mabilis na operasyon ng mga taong magliligtas at magbibigay tulong sa mga taong napinsala.



Tumulong na pababain ang bilang ng mga taong napinsala.

Huwag pumasok sa mga gusaling may nasirang bahagi. Maaring matuluyan ang pagkaguho o pagbagsak ng mga ito kapag dumating ang malalakas na “aftershock”.

Makinig at mangalap ng balita at mga instruksyon galing sa mga maykapangyarihan tungkol sa mga paraan ng pag-iwas sa mga sakuna sa pamamagitan ng pakikinig sa mga de bateryang transistor.

Sumunod sa mga reglamentong pangkaligtasan.

Siyasatin ang kapaligiran.

Linisin ang mga lumigwak o natapong nakakalason at madaling magliyab na mga kemikal upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga di kanais-nais na pangyayari at pagdami pa ng mga mapipinsala. Alamin ang posibilidad ng pagkakaroon ng sunog at agad na kontrolin at supilin ito.

Siyasatin ang linya ng tubig at kuryente. Tingnan kung nagkaroon ng diperensya o sira ang mga ito. Kung inaakalang nagkaroon ng sira, patayin ang pinaka-linya ng tubig o kuryente.

Kung kinakailangang lisanin ang tahanan, mag-iwan ng mensahe kung saan nakasaad ang lugar na patutunguhan.

Dalhin ninyo ang “gamit pangkaligtasan pang lindol”, na naglalaman ng mahalagang bagay para sa inyong proteksyon at kaginhawaan.

